

Master of Arts in Panitikang Filipino: Akademya-Industriya

¹Rowena C. Largo, EdD., ²Mae Ann Q. Gaihe, EdD.

Cebu Normal University, Cebu City, Philipines

Cebu Normal University, Cebu City, Philipines

ABSTRAK: Ang papel ng isang unibersidad ay hindi natatapos sa pagtatapos ng mga estudyante nito. Kaugnay nito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral na may layuning matukoy at masubaybayan ang mga nagsipagtapos sa digri na Master of Arts in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 sa Cebu Normal University. Tiniyak na matugunan ang sumusunod (1) Ano ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos? (2) Ano ang pangunahing linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang pinagtatrabahuan? (3) Ano ang mga kasanayan na natutuhan nila mula sa digring natapos? (4) Ano ang mga mungkahi ng mga nagsipagtapos para mapaunlad ang kurikulum ng programa?. Ginamit ang deskriptibong pagsusuri upang masuri ang mga datos na nakalap. Batay sa nakuhang datos, napag-alaman na ang mga nagsipagtapos ng kursong Master of Arts in Panitikang Filipino ay kasalukuyang nagtatrabaho at lahat ay nagtuturo. Natutuhan nila ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at pakikipagkomunikasyon. Iminumungkahi nila na ipagpatuloy ang mga *best practices* ng programa lalo na ang pananaliksik.

Susing Salita: tracer study, Master of Arts in Panitikang Filipino, akademya, industriya,

I. INTRODUKSYON

Ang pagtatapos ng digri ay isa sa mga di malilimitang pangyayari sa buhay ng mga estudyante at guro. Ngunit ang pagtatapos na ito ay hindi nangangahulugang pagtatapos sa tungkulin ng isang guro at ng institusyon. Mahalagang masubaybayan ang kinahantungan at naging kapalaran ng mga estudyante pagkatapos nitong matapos ang isang programa o kurso, nang sa gayon ay makita ang mga bahagi at aspeto na maaaring pagbutihin para mas mapaunlad pa ang programa o kurso. Ang pagsasagawa ng *tracer study* ay isang paraan para mas lalong makilala ang mga nagsipagtapos at masuri ang mga pagbabago na naganap sa kanila simula nang magtapos sa kurso o programang kinuha.

Kaya mahalaga ang pagsasagawa ng pag-aaral tungkol dito para matugunan ang layunin na ito. Ayon sa Accountability Initiative Private Limited, "*Tracer study is a major evaluation tool to measure both effectiveness and quality of training programs.*" Nangangahulugan ang pahayag na ito na ang pagsasagawa ng isang pag-aaral o *tracer study* ay isang pagtataya at pagsukat sa kalidad at pagkaepektibo ng isang programa at kurikulum. Ito ay maaaring maging batayan sa pagsuri ng programa para mapaunlad, malinang at maiangkop sa pangangailangan ng lipunan.

Kaya ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan ng mga estudyante na nagtapos sa digri na Master of Arts in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 sa Cebu Normal University. Ang digri na nabanggit ay isa sa mga inaalok ng unibersidad sa College of Arts and Sciences. Ang pagsasagawa ng pag-aaral ay makakatulong upang mapaunlad at makabuo ng isang organisasyon na angkop sa pangangailangan ng mga nagsipagtapos sa digri at kahingian ng industriya.

II-Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan ng mga estudyante na nagtapos sa digri na Master of Arts in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 sa Cebu Normal University.

Tiniyak sa pag-aaral na ito na matugunan ang sumusunod:

- (1) Ano ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos?
- (2) Ano ang pangunahing linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang pinagtatrabahuan?
- (3) Ano ang mga kasanayan na natutuhan nila mula sa digring natapos?
- (4) Ano ang mga mungkahi ng mga nagsipagtapos para mapaunlad ang kurikulum ng programa?.

II. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang tagumpay ng mga estudyante ay tagumpay rin ng mga guro at buong unibersidad. Kaya mahalagang makita ang mga oportunidad at mga pagbabago sa isang estudyante mula nang ito ay magtapos sa isang programa o digri.

Ayon naman kay Schomburg (2016), *“Jobs are changing rapidly and individuals are also changing the skill sets, either through education and training or through their work and life experience.”* Nagsasaad na ang trabaho ay nakikisabay rin sa pagbabago at dahil ito ay nagbabago, kailangang magbago rin ang mga kasanayan ng mga empleyado na kailangan at aangkop sa mga larangang napili. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng pag-aaral at mga pagsasanay. Samakatwid, upang maiangkop ang kasanayan ng isang empleyado ay kailangang maiugnay sa kasalukuyang pangangailangan ng isang kompanya o institusyon.

Ang pahayag ni Schomburg ay kaugnay sa pag-aaral na ginawa. Binigyang pokus sa kanyang pahayag ang kasanayan na mahahasa sa pamamagitan ng edukasyon at pagsasanay. Ang mga nabanggit ay makakamit o makukuha sa pamamagitan ng isang digri o programa na siya ring pokus sa pag-aaral na ito.

Ayon sa Daily Mail (2017), *“One employer told researchers: ‘They have a skills base, which we will build on, but [by] no means will they have all the soft skills we expect.’* Batay sa pahayag na ito, mababatid na sa kabila ng pagtatapos ng estudyante sa programa o kurso ay hindi nagbibigay ng kasiguraduhan na magtataglay ito ng kasanayang magagamit sa papasukan na trabaho. Maaaring hindi sapat ang kasanayan na nalinang o kaya ay hindi aangkop ang kurikulum sa kasalukuyang estado ng ekonomiya at pangangailangan ng mga kompanya at institusyon.

Ayon naman kay Cook (2017) qtd Yorke (2017), *“Graduates have still got to learn how to function in corporate and working life. Once employed, if they’re good, they’ll get promoted really quickly.”* Ang pahayag ay naglalahad na hindi pa sapat ang mga nalinang na kasanayan ng mga nagsipagtapos. Kailangan pa nilang matutuhan ang tungkulin sa pagtatrabaho. Mababatid na hindi lahat ng kasanayan ay kayang linangin sa loob ng isang institusyon sapagkat iba pa rin ang kasanayan at karanasan na maibibigay sa oras na nakakuha na ng trabaho ang mga ito.

Ang isinasaad na pahayag sa Daily Mail at ni Cook ay may kaugnayan sa pag-aaral na ginawa. Mapapansin na naglalahad ito tungkol sa tugon o *feedback* mula sa mga *employer* o pinagtatrabahoan ng mga nagsipagtapos na siya ring nais matukoy sa pag-aaral na ito.

Ayon kay Adams (2014), *“Employers also want new hires to have technical knowledge related to the job, but that’s not nearly as important as good teamwork, decision-making and communication skills, and the ability to plan and prioritize work.”* Mahalaga sa trabaho ang pagkakaisa, pagbuo ng desisyon, kasanayan sa pakikipagkomunikasyon, kakayahan sa pagbuo ng plano at kaalamang teknikal. Mapapansin na hindi lamang kaalaman at kasanayan ang kailangang taglay ng isang nagtapos sa kurso o programa. Inaasahan din mula sa kanila ang kaalamang teknikal na kailangan lalo na sa makabagong teknolohiya ngayon.

Ang pahayag ni Adams ay may kaugnayan sa pag-aaral na nabuo. Inilalahad ang mga katangiang nais ng mga *employer*, mga kompanya at institusyon mula sa kanilang mga aplikante na siya ring nais malaman ng mananaliksik. Ito ay upang matukoy at magamit sa pagpapaulad sa kalidad ng edukasyon.

Ang pahayag na binanggit ng Daily Mail, ni Cook at Adams ay parehong naglalahad ng mga tugon mula sa mga *employer* at mga namamahala ng kompanya o institusyon. Kanilang binigyang diin ang kahalagahan ng kasanayan na aangkop sa trabaho na kanilang iniaalok at ang katangian na kailangang taglayin ng mga nagsipagtapos para makakuha ng trabaho. Ang mga pahayag na ito ay may kaugnayan sa pag-aaral na gagawin sapagkat ang mga bahaging ito ay bibigyang pokus din ng mananaliksik.

Ayon kay Gines (2014), *“In the Philippines, the Commission on Higher Education requires all HEIs to conduct a tracer study and is equally reflected as one of the required documents by any higher education accrediting body such as Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (AACUP), Inc.”* Malinaw na inilalahad na ang pagsasagawa ng *tracer study* ay isang dokumento na kinakailangan sa *accreditation* sapagkat ito ay ebidensya sa kalidad ng edukasyon na iniaalok ng isang institusyon. Pribado o pampublikong paaralan ay dumadaan sa *accreditation process* dahil ito ay bahagi ng paglililang ng kurikulum at pagpapabuti sa programa ng unibersidad.

Ang pahayag na ito ni Gines na may kaugnayan sa pag-aaral na isasagawa. Ito ay dahil isinasaad sa kanyang pananaliksik ang kahalagahan sa pagsasagawa ng *tracer study* at ang gamit nito sa unibersidad na siya ring nais bigyang pokus sa pananaliksik na ito.

Ayon naman kay Sanchez at Diamante (2017), *“The competencies that the graduates find useful in their first job are communication skills, critical thinking and human relations skills.”* Ang pahayag na ito naglalahad sa mga kasanayan na kailangan sa pagtatrabaho lalo na sa mga unang taon sa pagtatrabaho. Ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ay isa sa mga nabanggit na kung saan mababatid na kahit sa anumang larangan ay nararapat ang pagkakaroon ng kasanayan na ito sapagkat ito ay kailangan upang makipag-ugnayan at magkaroon ng koneksyon sa iba pang empleyado at mga inaasahang kliyente. Mahalaga rin ang pagkakaroon

ng kritikal na pag-iisip sapagkat sa pagtatrabaho ay mahalagang makasunod ng panuto at marunong bumuo ng sariling pagpapalano. Ito rin ay isang kasanayan na makakatulong sa pinagtatrabahuan para ito ay umunlad at lumago. Ang ikatlong kasanayan ay kasanayan sa pakikipaghabilo at pakikipagkapwa na kung saan bilang isang empleyado ay mahalagang taglay ang kasanayan na ito sapagkat hindi maiiwasan na haharap ka sa mga tao at makikipagtransaksyon sa kapwa.

Ang natuklasan na ito nina Sanchez at Diamante ay may kaugnayan sa pag-aaral na ito. Ito ay dahil inilahad sa kanilang pag-aaral ang mga kasanayan na kailangan ng mga nagsipagtapos. Ang pagtataglay ng mga kasanayan na ito ay makakatulong upang makapasok at manatili sa trabaho.

Sa pag-aaral isinagawa ni Bolaane et al. (2010), kanyang inilalahad na, "*Graduates rated the programmes they were through highly in terms of content and instructional quality. They only suggest minimal improvements. The overwhelming majority of the respondents (89.41%) indicated that they would recommend the programmes they went through to others.*" Nagsasaad sa pahayag na ang naging pidbak ng mga nagsipagtapos na makikitang nagbigay ang mga ito ng mataas na puntos para sa pangnilalaman at kalidad ng pagtuturo at naglahad lamang iilan na bahagi na kailangan paunlarin. Kaya inirekomenda ng mga ito ang programang kanilang nakuha sa kanilang mga kakilala. Nangangahulugan na ang produkto ng isang institusyon ang ebidensya sa kalidad ng edukasyon na maibibigay sa mga estudyante nito.

Ang mga nakuha nina Sanchez at Diamante, Gines at Bolaane et al. sa kanilang pag-aaral ay hinggil sa kasanayan na kailangan sa pagtatrabaho at ang agad na pagtanggap ng kompanya at institusyon sa mga nagsipagtapos at maging ang pananaw ng mga nagsipagtapos sa kurikulum ng kanilang institusyon. Ang mga pahayag na ito ay may kaugnayan sa pag-aaral na gagawin sapagkat ito rin ang nais na matukoy at malaman ng mananaliksik nang sa gayon ay malinang at mapaunlad ang programa at ang kurikulum.

Ang mga nabanggit na literatura at pag-aaral ay nagpapatunay na mahalagang matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan, oportunidad at pagbabago sa mga nagsipagtapos sa isang programa o kurso. Ang mga inilalahad na mga natuklasan mula sa iba't ibang pag-aaral ay katibayan na nararapat isagawa ang pag-aaral na ito upang mapalinang ang kalidad ng edukasyon ng institusyon.

III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay isang deskriptibong pananaliksik na tumutukoy sa bahagdan at kabuuan kung saan ay ginamit ito upang matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan, ng mga estudyanteng nagtapos sa digri na Master of Arts in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 sa Cebu Normal University.

Ginagamit ng mananaliksik ng talatanungan o *graduate tracer survey questionnaire* na mula sa *Commission on Higher Education (CHED)* at nirebisa para maiangkop sa pag-aaral na gagawin. Humingi ng pahintulot sa CHED para isalin ang talatangungan sa wikang Filipino. Ito ay naka-*google form* at ang iba naman ay naka-*print* para sa mga walang *access* sa *internet*.

Sa pagkalap ng datos ay ginawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang. Una, kinuha ng tala ng mga pangalan ng mga estudyanteng nagtapos ng digri na Master in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020. Ang tala ay nagmula sa *Office of the Registrar* ng Cebu Normal University at sa Balay Alumni ng unibersidad. Batay sa nakuhang tala, may 2 na nagtapos noong 2017-2018, 1 noong 2018-2019, 4 sa 2019-2020 at walang naitala na nagtapos sa 2020-2021

Pangalawa, gamit ang *social media* na Facebook ay binuo ang *Facebook Group* na kinabibilangan ng mga nagsipagtapos ng Master in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 at doon ibibigay ang talatanungan at pasasagutan.


Ginamit din ng mananaliksik ang *snowball technique* o pagsangguni sa mga nakuhang tagatugon hinggil sa kasalukuyang kinalalagyan ng iba pang kasamahan para mas mapadali ang pagkalap ng datos. May mga tagatugon din na kusang lumapit at nagboluntaryong sagutan ang talatanungan.

Ipinasa ng mga nagsipagtapos ang kanilang kasagutan sa talatanungan sa *e-mail*, *private message* ng *Facebook Group* at *personal account* ng mananaliksik at ang iba ay nagbigay tugon sa *google form*.

IV. PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG DATOS

Sa ginawang pagkalap ng datos ay tinukoy at sinubaybayan ng mananaliksik ang kinahinatnan, mga oportunidad at pagbabagong propesyonal ng mga estudyanteng nagtapos ng digri na Master of Arts in Panitikang Filipino sa taong 2017-2020 sa Cebu Normal University.

Ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos ay inilalahad gamit ang grapiko. Ang grapiko 1 ay naglalahad ng nakalap na datos mula sa mga nagsipagtapos sa digri na nabanggit.

Grapiko 1. Estado sa Pagtatrabaho ng mga Nagsipagtapos


Makikita sa grapiko 1 na lahat ng mga nagsipagtapos ay kasalukuyang nagtatrabaho. Hindi na rin ito nakapagtataka sapagkat ang ito ay nakapagtapos na ng kolehiyo at inaasahan na pagkatapos ng digri ay naghanap na ang mga ito ng hanap-buhay.

Ayon kay Timbreza (2009), *“For the Filipinos, work is associated with personal success and happiness, material prosperity in life, self-realization and self-fulfillment.”* Mababatid na ang trabaho ay iniuugnay ng maraming Pilipino sa kanilang kasiyahan at tagumpay. Ito ay isa sa mga magagandang katangian ng mga Pilipino na tunay na maipagmamalaki saan man sa mundo. Ang pagtanaw at pagmamahal sa trabaho at pag-uugnay sa personal na pagkakakilanlan at kasiyahan ay isang ebidensya na ang mga Pilipino ay hindi namimili ng trabaho at kayang kumilos basta may pagmamahal sa kanyang ginagawa. Kaya naman, katulad ng maraming Pilipino, ang mga nagsipagtapos ay kabilang sa mga Pilipino na itinuturing ang kanilang trabaho at posisyon na isang tagumpay at kasiyahan maging ito man ay may kaugnayan sa natapos na kurso o wala.

Ayon kay Timbreza (2009), *“Filipinos value education next to religion.”* Labis na binibigyang halaga at bahagi na ng kultura ng bawat Pilipino ang magkaroon ng sapat na edukasyon nang sa gayon ay magkaroon ng magandang buhay sa hinaharap. Tinuturing na maraming magulang na isang pamana na hindi mananakaw ninuman. Kaugnay nito, ang pagpapahalaga sa edukasyon ay katumbas din ng pagpapahalaga sa trabaho sapagkat kaakibat ng tagumpay sa pagtamo ng sapat na edukasyon ay ang pagkakaroon ng disente na trabaho.

Ang mga pahayag na inilalahad ay parehong nagsasaad ng pagpapahalaga ng mga Filipino sa edukasyon at trabaho. Kaya naman, saan mang sulok ng mundo hindi nawawala ang mga Pilipino na kung saan ay nakikipagsapalaran upang makatulong sa pamilya at maiahon ito sa kahirapan.

Makikita naman sa grapiko 2 ang pangunahing linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang pinagtatrabahuan ng mga nagsipagtapos.

Grapiko 2. Pangunahing Linya sa Negosyo ng Kompanyang Kasalukuyang Pinagtatrabahuan

Batay sa grapiko 2, makikita na lahat ng mga nagsipagtapos ng Masters of Arts in Panitikang Filipino ay nasa linya ng edukasyon at nagtuturo. Ito ay isang magandang indikasyon na nagagamit ng mga nagsipagtapos ang kanilang natapos na digri at nahahasa lalo ang kanilang kasanayan.


Ayon kay Salandanan (2006), *“Many teachers who chose teaching profession after high school graduation did not remain long in it.”* Ang inilalahad ni Salandanan ay hindi na bago sa pandinig sapagkat

maraming mga nagsipagtapos ng kursong edukasyon ngunit mas pinili na hindi magturo lalo na at tinuturing ang pagtuturo na isa sa mga propesyon na may mababang sahod dito sa bansa. Ngunit ang datos na nakalap ay nagpapakita na lahat ng nagsipagtapos sa digring Master of Arts in Panitikang Filipino ay nasa larangan ng edukasyon. Patunay lamang na bilang mga Pilipino, hindi nawawala ang pagnanais ng puso na maging bahagi sa pagbabago at maibahagi sa mga kabataan ang kaalaman at makatulong sa pag-unlad ng kanilang kasanayan.

Dagdag ni Salandanan (2006), *“The salary for teaching is very low. It cannot compare equally with other jobs requiring four years of study.”* Ipinapahiwatig nito na mahirap at maraming responsibilidad ang pagtuturo at masasabing hindi sapat o kukulangin pa rin ang sahod na natatanggap ng maraming guro sa bansa kaugnay nito hindi ito naging sagabal sa mga nagsipagtapos at iba pang guro na nasa industriya. Bagkus, itinuring ito ng marami bilang isang hamon kaya naman kahit na may mababang sahod ang mga guro, dumudukot pa rin ito sa sariling bulsa para makatulong sa mga estudyante kung kinakailangan at kung minsan at gumagamit ng sariling pera para sa mga kagamitang pampagtuturo.

Sa pangatlong grapiko naman ay makikita ang kasanayan na natutuhan ng mga nagsipagtapos sa digri na nagamit nila sa pagtatrabaho.

Grapiko 3. Kasanayan na Natutuhan ng mga Nagsipagtapos



Batay sa grapiko sa itaas, makikita na ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ang nangingibabaw sa lahat ng kasanayan na nalinang at nagamit nila sa pagtatrabaho. Makikita na 54.5% sa nagsipagtapos ay nagsasabing nalinang ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at 45.5% naman ang naglahad na nalinang at nagamit kasanayan sa pakikipagkomunikasyon.

Ang mga kasanayan na ito ay inaasahan mula sa mga nagsipagtapos lalo pa at ang digri na Masterin Panitikang Filipino ay naghahasa ng mga nabanggit na kasanayan sa pamamagitan ng pananaliksik at iba pang gawain.

Ayon kay Vega (2006), *“Job and skills should match. One of the deterrents in finding a job is the mismatch of skills by the graduates and the requirements of the job.”* Batay sa pahayag na ito, ang trabaho at ang kasanayan ay kailangan na magkatugma. Kadalasan sa naging hadlang sa paghahanap ng trabaho at maging pagtagal sa trabaho ay ang hindi magkatugmang kasanayan sa trabahong pinasukan. Sa ipinakitang datos, makikitang ang mga kasanayan ay naipamalas at taglay ng mga nagsipagtapos. Nangangahulugan na naging mahusay ang pagtuturo at ang pagsasanay na ginawa ng unibersidad

Ayon naman kina Brennan at Shah (2003), *“Some graduates do better than others in the labour market.”* Batay sa pahayag na ito ay nagpapahiwatig na marami sa mga nagsipagtapos ang angat kung ihahambing sa iba pang mga nagsipagtapos. Ang pagkakaiba ng unibersidad na pinanggalingan, digring natapos o mas mataas na natamong edukasyon, mga karagdagang pagsasanay at *training* na nadaluhan at maging ang pagkakaroon ng kasanayan na mas angkop sa industriyang pinasukan ang nakikitang salik dito. May iba naman na sadyang swerte lamang ngunit hindi maipagkakailang malaking papel ang ginagampanan ng pagkakaroon ng karagdagang kaalaman at dokumento na magpapatunay sa kasanayang taglay.

Ang bawat kurikulum ay hindi perpekto at habang tumatagal, nangangailangan na iangkop ito sa pangangailangan ng industriya. Kaya naman, mahalaga na makuha ang suhestiyon o mungkahi ng mga nagsipagtapos kung paano ito mapapaunlad pa.

Batay sa nakuhang datos, marami sa mga nagsipagtapos ang naglahad na wala silang mungkahi sapagkat para sa kanila, maganda ang kurikulum ng digri na kanilang natapos. Ito ay nagpapatid na, angkop ang kurikulum sa pangangailangan ng mga nagsipagtapos at maging ng industriya.

Isa sa mga nagsipagtapos ang nagmungkahi ng pagpapatuloy sa best practices ng digri. Ito ay ang sa larangan ng pananaliksik. Ang mungkahi niya ay “Malawak na pagsasaliksik sa makabagong paraan ng pagtuturo ng Filipino sa bagong henerasyon”. Kilala ang Cebu Normal University bilang isang research institution, kaya naman kaiiingtingin pa ng departamento ang pagpapaunlad sa kasanayan sa pananaliksik at pagpapalawak sa kaalaman at iba’t ibang paksa sa Filipino, mapawika man o panitikan.

V. KONGKLUSYON

Ang nagsipagtapos ng kursong Master of Arts in Panitikang Filipino ay kasalukuyang nagtatrabaho at lahat ay nagtuturo. Natutuhan at ganamit nila sa pagtatrabaho ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at pakikipagkomunikasyon. Iminumungkahi na ipagpatuloy ang mga *best practices* ng programa lalo na ang pananaliksik.

SANGGUNIAN

- [1] Adams, S.(2014). **The 10 Skills Employers Most Want in 2015 Graduates**. ForbesKinuha mula sa <http://www.forbes.com/sites/susanadams/2014/11/12/the-10-skills-employers-most-want-in-2015-graduates/#3a383b2c2511>
- [2] Al-amarat, M.S. (2011). **The Classroom Problems Faced Teachers at the Public Schools in Tafila Province, and Proposed Solutions**. Tafila Technical University, Tafila, JordanKinuha mula sa <http://krepublishers.com/02-Journals/IJES/IJES-03-0-000-11-Web/IJES-03-1-000-11-Abst-PDF/IJES-3-1-037-11-041-Al-Amarat-M-S/IJES-3-1-037-11-041-Al-Amarat-M-S-Tt.pdf>
- [3] Arao, D. (2010). **Wikang Filipino at English-speaking Zones**. Pinoy Weekly <http://pinoyweekly.org/new/2010/08/wikang-filipino-at-english-speaking-zones/>
- [4] Bantugan (2009). **The Importance of Trainings and Seminar - Workshops to Teachers Improvement**. My Bataan <http://www.mybataan.com/content/view/367/96>
- [5] Brennan, J. and Shah, T. (2003). **Access to What? Opportunities in Education and Employment. Higher Education and Lifecourse**. Society for Research into Higher Education and Open University Press. Berkshire, England
- [6] Cebu Normal University (n.d.). **Revised University Code of 2018**. Cebu City
- [7] Cebu Normal University. **Student Handbook** (2008). Institutional Materials Development Center
- [8] Child Trends (2016).**Indicators**. 7315 Wisconsin Avenue , Suite 1200W. Bethesda , MD<https://www.childtrends.org/indicators/educational-attainment/>
- [9] Chitra, R. (2016) **Feedback in the Workplace – Importance and Benefits**.WiseStep<https://content.wisestep.com/importance-benefits-feedback-workplace/>
- [10] **CODE OF ETHICS OF PROFESSIONAL TEACHERS**. Professional Regulation Commission.Manila.Board for Professional Teachers
- [11] Colinares,N. E. (2010). **21st Century, Trends, Issues and Challenges in Philippine Education**.National Bookstore: Mandaluyong City
- [12] Commission on Higher Education.**Vision And Mission Mandate**.Kinuha mula sa <http://web.ched.gov.ph/vision-and-mandate/>
- [13] Dimayuga, P.J. (2016). Navigating the Filipino Work Culture [Infographic]. Manila Recruitment. <https://manilarecruitment.com/manila-recruitment-articles-advice/filipino-work-culture/>
- [14] Doyle, A. (2018). **Learn About the Different Types of Job Titles**. THE BALANCE <https://www.thebalance.com/job-titles-a-z-list-2061557>
- [15] Duncan, I. (2012). Urban Dictionary. Generation Z. <https://www.google.com/amp/s/www.urbandictionary.com/define.php%3rterm=Generation+Z&=true>
- [16] Florido, A. (2006). **Educational Profile of the Philippines and Best Practices in Filipino Schools and Classrooms**.Garinger High School.Charlotte Mecklenburg Schools http://www.unc.edu/world/2006_K12Symp/Pres&HOs/Florido_Handout1.pdf
- [17] Franco, E.A. (2006). **Educational Planning**. National Bookstore. Mandaluyong City
- [18] Geronimo, J. Y. (2015). **Mga Guro, maging malikhain sa pagtuturo ng Filipino**. Rappler<https://www.google.com.ph/amp/s/amp.rappler.com/nation/101762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino>
- [19] Hill, L. (2012). **The Value of Workshops and Continuing Education for**

- Teachers. THE EVOLUTION.** <https://evollution.com/opinions/the-value-of-workshops-and-continuing-education-for-teachers/>
- [20] Horowitz, B. (2011). **Why Job Titles And The Promotion Process Actually Matter.** Business Insider . New York City <http://www.businessinsider.com/titles-and-promotions-2011-3>
- [21] Huish, V. J. (2014). **The Importance of Professional Development .** Student Matters. STUDENT NEWS FROM THE STEINHARDT SCHOOL OF CULTURE, EDUCATION, AND HUMAN DEVELOPMENT. New York University. <https://steinhardt.nyu.edu/site/studentmatters/2014/05/the-importance-of-professional-development/>
- [22] Kanapi, H. (2017). **Job Titles: Types, What They Mean & How to Come Up With Them.** Fitsmallbusiness.315 Madison Avenue, 24th Floor, New York <https://fitsmallbusiness.com/job-titles/>
- [23] Kehera, R. (2007). **How to gain Knowledge in Any Field. More Business**<https://www.morebusiness.com/how-to-gain-knowledge-in-any-field/>
- [24] Lang, F. (2012). **The Importance of Feedback | Why Is Feedback Important?.** Full Circle Feedback. <https://blog.fullcirclefeedback.com.au/360-power-of>
- [25] Leffler, N. (2015). **What Sharing Ideas at Work Does for Us.** Technkls www.technkls.com/benefits-sharing-ideas/
- [26] Mayol, A. V. S. (2014). **6 Cebu bets in LET Top 10 list.** Cebu Daily News. cebudailynews.inquirer.net/45064/6-cebu-bets-in-let-top-10-list
- [27] Moulosong, B. (2010). **Listening Skills are an Important Part of Effective Communication.** NWITimes.com www.google.com/amp/www.nwitimes.com/business/jobs-and-employment/listening-skills-are-an-important-part-of-effective-communication/article_b4d0940a-f919-5d1a-be45-05da2c6752c2.amp.html
- [28] Oliver, D. (2017). **Yes, Job Titles Matter – but They Aren't Everything.** U.S. News & World Report <https://money.usnews.com/careers/articles/2017-10-30/yes-job-titles-matter-but-they-arent-everything>
- [29] Orillaza, J. (2010). **Labor Mismatch or What Ails the PHL Markets.** GMA News Online
- [30] Popova, M. (2013). **14 Ways to Acquire Knowledge: A Timeless Guide from 1936.** Brainpickings <https://www.brainpickings.org/2013/04/22/14-ways-to-acquire-knowledge-james-mangan-1936/>
- [31] Rich, J. (2015). **We Need to Talk About Employability, Not Employment.** Times Higher Education Kinuha mula sa <http://www.timeshighereducation.com/comment/we-need-to-talk-about-employability-not-employment>
- [32] Salandanan, G. G. (2005). **Teaching and the Teacher.** Lorimar Publishing, Inc. Quezon City, Manila.
- [33] Salandanan, G. G. (2012). **Methods of Teaching.** Lorimar Publishing, Inc. Quezon City, Manila.
- [34] Salpeter, M. (2011). **Improve Your Listening Skills to Win the Job.** U.S. News. <http://money.usnews.com/money/blogs/outside-voices-careers/2011/04/20/improve-your-listening-skills-to-win-the-job>
- [35] Santos, T. U. (2008). **Wikang Filipino: Kumusta na?.** The Varsitarian http://varsitarian.net/news/20081117/wikang_filipino_kumusta_na
- [36] Schmitz, T. (2016). **Gathering Information.** Conover <https://www.conovercompany.com/gathering-information/>
- [37] Schomburg, H. (2016). **Carrying Out Tracer Studies.** European Training Foundation. Kinuha mula sa http://ingradnet.org/images/schomburg_2016_carrying_out_tracer_studies.pdf
- [38] Sergejev, A. (n.d.) **10 Questions to Ask When Solving Problems.** Timewiser. <http://timewiser.com/blog/10-questions-to-ask-when-solving-problems/>
- [39] Seymour, E. et al. (2004). **Establishing the Benefits of Research Experiences for Undergraduates in the Sciences: First Findings from a Three-year Study.** Science Education.
- [40] Sharma, V. (2017). **Importance of Communication Skills for Students.** Klient Solutech <http://www.klientsolutech.com/importance-of-communication-skills-for-students/>
- [41] Rayhanul, S.M. (2015). **What are the Importance and Benefits of Critical Thinking Skills?.** LinkedIn <http://www.linkedin.com/pulse/what-importance-benefits-critical-thinking-skills-islam>
- [42] Staff, S. (2001). **Employee Evaluation Checklist.** Workforce. Kinuha mula sa <http://www.workforce.com/2001/03/23/employee-evaluation-checklist/>
- [43] Tessema, M. T. et al. (2013). **The Effects of Employee Recognition, Pay, and Benefits on Job Satisfaction: Cross Country Evidence.** Journal of Business and Economics: Academic Star Publishing Company <https://pdfs.semanticscholar.org/d999/306d685a85cbe2232a844f8415a689e985f0.pdf>
- [44] Timbreza, F. T. (2009). **Filipino Values Today.** National Bookstore. Mandaluyong City
- [45] U.S. Department of Commerce. **“Educational Attainment”.** United States

- Bureau. <https://www.census.gov/topics/education/educational-attainment.html>
- [46] Vega, V. A. et.al. (2006). **Social Dimensions of Education**. Lorimar Publishing Inc. Quezon City, Manila
- [47] Wong, A. C. (2012). **What Filipinos Can Be Proud Of**. Philippine Daily Inquirer. <http://globalnation.inquirer.net/45875/what-filipinos-can-be-proud-of>
- [48] World Bank (2003). **Lithuania: Aiming for a Knowledge Economy**. Washington, DC. <http://openknowledge.worldbank.org/handle/10986/14769>
- [49] Yakowicz, W. (2015). **Why Employee Recognition Is Even More Important Than You Think**. INC <https://www.inc.com/will-yakowicz/the-importance-of-giving-recognition.html>
- [50] Yorke, H. (2017). **Students Should Not Have to Worry About Graduate Employment While at University**. Telegraph Kinuha mula sa
- [51] <http://www.telegraph.co.uk/education/2017/04/24/students-should-not-have-worry-graduate-employment-university/>
- [52] Yorke, M. (2003). **Why is employability important - to schools and the University?**. The University of Edinburgh Kinuha mula sa <http://www.ed.ac.uk/employability/staff-information/what-why-employability-important/why-schools-university>
- [53] _____. (2012). **Project for Rehabilitation through Education and Training –Opportunities for Needed Skills (PRET-Options)**. Tracer Study Handbook. Kinuha mula sa http://assets.wusc.ca/Website/Programs/PRETO/TracerStudyHandbook_Final2012_TSQuestionnaire.pdf
- [54] _____. (2017). **Graduate Jobs Lack People Skills**. Daily Mail. Kinuha mula sa <http://www.dailymail.co.uk/news/article-4310962/Graduates-jobs-lack-people-skills.html#ix224oGhusle2>
- [55] _____. **Tracer Study Questionnaire**. Commission on Higher Education. Kinuha mula sa chedcaraga.com/index.php/.../12-hei-use?...93:CHED%20Tracer%20Questionnaire
- [56] _____. **Career Performance Evaluation**. Florida State University Kinuha mula sa
- [57] https://www.fscj.edu/hr/forms/evaluations_non_faculty/career-eval-sup.pdf
- [58] _____. **Performance Communication Process Employee's Self-Evaluation**. School of Law. New York University. Kinuha mula sa http://migration.nyulaw.me/sites/default/files/ECM_DLX_010131.pdf
- [59] _____. **The Peak Performance Center**. Kinuha mula sa <http://thepeakperformancecenter.com/educational-learning/thinking/critical-thinking/>